
5

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Unang Markahan – Modyul 1: Kawilihan sa Pagsusuri ng Katotohanan



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikalimang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 1: Kawilihan sa Pagsusuri ng Katotohanan**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan nang pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Rhoda S. Bordallo, Jeremiah G. Miralles

**Editor:** Caridad P. Baginon, Maria Cecilia B. Pacantarra, Teodorico C. Peliño Jr.

**Tagasuri:** Juliet L. Lim, Gretel Laura M. Cadiong, David C. Alcober, Lita V. Jongco
Remie D. Puno

**Tagaguhit:** Crisanto Lopera, Jingerlou D. Inot

**Tagalapat:** Gualberto R. Gualberto Jr.

**Tagapamahala:**

| | |
|---|---|
| Ramir B. Uytico | Juliet L. Lim |
| Arnulfo M. Balane | Ranulfo L. Baay |
| Rosemarie M. Guino | Gretel Laura M. Cadiong |
| Joy B. Bihag | Mark Chester Anthony G. Tamayo |
| Ryan R. Tiu | Edgar Y. Tenasas |
| Amenia C. Aspa | Mariza S. Magan |

**Inilimbag sa Pilipinas ng _______________________**
**Department of Education – Region No. VIII**
Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte
Telefax: 053 - 323 - 3156
E-mail Address: region8@deped.gov.ph

# 5

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Unang Markahan – Modyul 1: Kawilihan sa Pagsusuri ng Katotohanan

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Edukasyon sa Pagpapakatao-5_ng** *Alternative Delivery Mode (ADM*) **Modyul para sa araling Kawilihan sa Pagsusuri ng Katotohanan.**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa **Edukasyon sa Pagpapakatao-5 ng** *Alternative Delivery Mode (ADM*) **Modyul ukol sa Kawilihan sa Pagsusuri ng Katotohanan.**

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at *icon* na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawain para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |

| | |
|---|---|
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka ring humingi ng tulong kay nanay, tatay, sa nakatatanda mong kapatid, o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!



# Alamin

Sa iyong palagay lahat ba ng impormasyon na nariring o nababasa natin ay tama o may katotohanan?

Paano mo sinusuri ang mga impormasyong nababasa o naririnig?

Ang mapanuring pag-iisip ay ang kakayahang magsuri ng mga ideya at lumutas ng mga suliranin. Hindi lahat ng ating naririnig at nababasa ay pawang may katotohanan, kaya kailangan nating suriing mabuti ang mga impormasyong nakukuha sa pamamagitan nang pagsangguni sa mga lehitimong pinagmulan.

Sa modyul na ito, napapahalagahan ang katotohanan sa pamamagitan nang pagsusuri sa mga balitang napakinggan, patalastas na nabasa/narinig, napanood na mga programang pangtelebisyon at nabasa sa internet.

- Nakasusuri ng mga impormasyong nababasa o naririnig bago ito pinaniniwalaan.
- Nakagagawa nang tamang pasya ayon sa dikta ng isip o saloobin sa kung ano ang dapat at di dapat.

Handa ka na ba? Halika umpisahan na natin!



# Subukin

Basahin ang mga pangungusap, piliin ang bilang ng mga pahayag na nagpapahiwatig ng pagsusuri sa mga impormasyong narinig o nabasa. Isulat sa iyong papel ang sagot.

1. Nagtanong si Nestor sa kanyang tiyuhin na doktor tungkol sa sakit na COVID–19 para maliwanagan.

2. Inaway kaagad ni Annie ang kaniyang kaibigan dahil ipinagkalat daw nito na kaya siya nakakuha ng mataas na marka ay dahil nangopya siya sa katabi.

3. Nakikinig si Raul at Joy ng ulat panahon mula sa PAG-ASA para malaman kung totoo ang sinabi ng kanyang kaibigan na may paparating na bagyo.

4. Nag-*panic* si Harold dahil nabasa niya sa *internet* na darating na ang pinakamalakas na lindol o *The Big One*.

5. Narinig ni Martina mula sa isang kapitbahay na may darating na malakas na bagyo. Agad niya itong ibinalita sa lahat ng kanyang nakasalubong.

6. Nabasa ni Van mula sa pahayagan na may *virus* na lumaganap sa kanilang lugar. Nagsaliksik siya tungkol dito at nagtanong din sa kanyang mga magulang.

7. Kinukumpara ni Mika ang mga balitang napakinggan mula sa iba't ibang himpilan ng radyo para makakuha ng tamang impormasyon.

8. Pinaniniwalaan ni Julio ang lahat nang sinasabi ng kaniyang iniidolong artista.

9. Sinusunod ni Mariel ang lahat nang nakikita at naririnig sa patalastas tungkol sa pag-iwas sa COVID-19.

10. Tuwang-tuwa si Benny nang mabasa sa *internet* na may dagdag sahod sila, pero nang tinanong niya ang may-ari ay napag-alamang *fake news* lang pala.

**Tandaan:** Kung tama lahat ang sagot mo sa pagsubok na ito ay maari mo nang laktawan ang modyul na ito, pero kapag may mali ay kailangang ipagpatuloy ang susunod na gawain.

# Aralin 1 Kawilihan sa Pagsusuri ng Katotohanan

Ang tao ay bini,yayaan ng Diyos ng isipan na kayang umunawa kung ano ang totoo at huwad. Ang kakayahan sa pagsusuri at pagsisiyasat ng katotohanan ay magiging susi at daan upang makapagbigay sa tamang desisyon na magagamit upang maging matagumpay sa pang araw-araw na hamon ng buhay.

## *Balikan*

Sumulat ng isang balita na iyong nabasa o napakinggan, alinman sa pahayagan, *facebook page*, telebisyon, o radyo. Isipin kung pinaniwalaan mo ba kaagad nang iyo itong nabasa o napakinggan. Ipahayag ang iyong naramdaman ukol dito. Isulat sa talahanayan ang iyong sagot.

| **Balita** | **Pinaniniwalaan mo ba kaagad ito?** | **Bakit mo pinaniniwalaan o hindi pinaniniwalaan ang balitang ito?** |
|---|---|---|
| | | |

Nagagalak ako at natapos mo ang gawaing ito. Ngayon ay sasamahan kita sa pagtuklas kung ano ang dapat gawin sa mga impormasyong nababasa o naririnig. Tara na!

## *Tuklasin*

Basahin ang kwento sa loob ng kahon at sagutin ang mga tanong sa ibaba.

**Ang Desisyon ni Lisa**

Si Lisa ay isang mag-aaral na nasa Ikalimang Baitang ng San Jose Elementary School sa bayan ng Gomez. Siya ang pangulo ng kanilang klase at isa siya sa pinagpipiliang maging kinatawan ng kanilang paaralan sa paparating na pambansang paligsahan ng mga mag-aaral sa Ikalimang Baitang.

Gustong-gusto ni Lisa na mapiling kinatawan ng kanilang paaralan. Ito ay sa dahilang gusto niya na makarating sa iba't ibang lugar at makisalamuha sa ibang mga mag-aaral galing sa ibang paaralan.

Isang bagay lamang ang bumabagabag kay Lisa. Alam kasi niya na hindi naman siya ang pinakamahusay na mag-aaral sa kanilang paaralan. Ito ay ang kanyang kamag-aral na si Vicky.

Si Vicky ang pinakamatalino sa kanilang klase. Palagi itong nakakukuha ng mataas na grado sa bawat pagsusulit sa iba't ibang asignatura. Maraming beses nang sinubukan ni Lisa na higitan si Vicky sa pagsusulit ngunit ni isang beses ay hindi niya ito natalo. Tanggap ni Lisa na mas magaling si Vicky sa kanila. Alam ni Lisa na kung si Vicky ang magiging kinatawan ng kanilang paaralan sa paligsahan, tiyak na mananalo ito.

Dahil dito, nagdesisyon si Lisa na kausapin ang kanilang guro at hilingin dito na huwag na siyang isama sa mga pinagpipilian na maging kinatawan ng paaralan. Sinabi niya na napagdesisyunan niya na hindi na lang ituloy ang paghahangad na maging kinatawan ng paaralan para sa higit na mabuting bagay. Naisip niya na isakripisyo ang sariling hangarin para sa ikabubuti at ikatatagumpay ng kanilang paaralan. Dahil sa ginawa niyang ito, marami sa kaniyang mga kaklase ang lalong humanga sa kaniya.

*Ugaling Pilipino sa Makabagong Panahon, pahina 9*

1.Ano ang katangian ng pangunahing tauhan sa kuwento?

______________________________________________________________

2. Ano ang problema na hinaharap ng tauhan sa kuwento?

___________________________________________________________

3. Ano ang mensahe na ipinahihiwatig ng kuwento? ____________

_____________________________________________________________

4. Bakit naisipan ni Lisa ang ganitong desisyon? ______________

_____________________________________________________________

5. Sang-ayon ka ba o hindi sa desisyon ni Lisa? Bakit?

_____________________________________________________________

Binabati kita at natapos mo ang gawaing ito!



## *Suriin*

Dapat bang paniwalaan kaagad ang lahat ng ating nababasa o naririnig mula sa mga balita? Bakit kaya kailangang suriin muna natin ang mga ito bago paniwalaan at magpasiya.

Ang pagkakaroon nang mapanuring pag-iisip ay isang katangian na maaaring ipagmalaki ng isang tao. Sa lahat, bukod tanging tao ang may pinakanatatanging kasanayang gumamit nang mapanuring pag-iisip. Kabilang na rito ang pagsusuri sa katotohanan at pagkilala sa kung aling bagay ang nakabubuti o nakasasama sa atin.

Ang mapanuring pag-iisip ay naipahahayag sa masusing pagtatanong, pagsusuri ng mga kasagutan at pagpili nang wastong sagot bago gumawa ng kahit anumang desisyon. Kailangan na maglaan nang sapat na panahon para masuri ang katotohanan ng mga imporamsyon. Susuriin ito sa pamamagitan nang pagsangguni mula sa lehitimong pinagmulan nito at nang sa gayon ay magkaroon tayo ng tamang kaalaman at pagpapasiya.

> Alam kong marami kang natutuhan sa gawaing ito. Dadagdagan natin ito upang mapagtibay ang kaalamang iyong natutuhan!




## *Pagyamanin*

**Gawain 1:** Basahin ang mga pahayag sa unang kolum. Lagyan ng tsek (✓) ang kolum kung sumasang-ayon ka o di sumasang-ayon sa pahayag.

| | **Sumasang-ayon** | **Di Sumasang-ayon** |
|---|---|---|
| 1. Hindi ipinagkakalat ang anomang usapan na walang patunay o ebidensya upang di makasuhan. | | |
| 2. Dapat suriin muna ang balitang napakinggan bago maniwala. | | |
| 3. Ipahayag ang tamang impormasyon. | | |
| 4. Mabuting pagninilay sa katotohanan. | | |
| 5. Magtanong sa kinauukulan at huwag maniwala sa sabi-sabi. | | |

**Gawain 2.** Isulat ang **tsek (✓)** sa bilang na tumutugon sa mapanuring pag-iisip batay sa balitang napakinggan sa radyo, nabasa sa pahayagan, o i*nternet* at **ekis (x)** kung hindi mo ito nabigyan ng mapanuring pag-iisip. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. Naipaliliwanag ko nang maayos at may kumpletong detalye ang balita ukol sa pamamahagi ng bigas.
2. Naniniwala ako sa balitang aking nabasa tungkol sa mga dahilan ng pagpapasara sa ABS- CBN.
3. Naikukumpara ko ang tama at mali sa aking nabasa sa pahayagan o *facebook.*
4. Naiisa-isa ko ang mga tuntunin sa pakikinig sa radyo.
5. Naisasagawa ko ang sunod-sunod na pamantayan sa pagbabasa ng balita.

**Gawain 3.** Basahin ang sumusunod na mga pahayag. Isulat ang titik nang napili mong sagot sa iyong sagutang papel at ipaliwanang kung bakit ito ang iyong napili.

1. Narinig mo sa iyong kapitbahay na mayroong darating na malakas na lindol sa inyong lugar. Ano ang nararapat mong gawin?
   A. Ibalita kaagad ang narinig.
   B. Suriin muna kung totoo ang balita.
   C. Maghanda kaagad sa paparating na lindol.
   D. Aalis kaagad sa inyong lugar.

Bakit? ______________________________________________

2. Ano ang dapat gawin kung makarinig ng balita sa telebisyon man o pahayagan?
   A. Maniwala kaagad.
   B. Isangguni sa kainauukulan ang narinig.
   C. Ipagkalat kaagad ang balita.
   D. Balewalain ang balita.

Bakit?______________________________________________

3. Narinig mo sa radyo ang balita na mayroong asong ulol na nangangagat ng mga bata na nagiging sanhi ng kanilang pagkamatay dahil sa *rabies.* Paano mo ito ibabahagi?

   A. Ipaalam ang balita sa punong barangay.

   B. Balewalain ang narinig na balita.

   C. Hayaan lang ang balita.

   D. Hayaan ang iba na makaalam nito.

Bakit?______________________________________________

4. Alin sa mga sumusunod ang magandang balita?

   A. Ang alitan ng pangulo at mga kinatawan ng Senado.

   B. Ang pag-aagawan ng teritoryo.

   C. Ang pag-unlad ng ekonomiya ng bansa.

   D. Ang lindol na naganap sa Batangas.

Bakit?______________________________________________

5. Sa pagbabalita pawang ______ lamang ang dapat manaig upang magkaroon nang maayos na pamayanan.

   A. katotohanan

   B. kasinungalingan

   C. katapangan

   D. karangyaan

Bakit?______________________________________________

Binabati kita dahil nagawa mo nang maayos ang mga gawain! Ngayon ay handa ka na ba sa susunod na gagawin? Alam kong kayang-kaya mo ito!

## Isaisip

Ano ang dapat gawin sa mga balitang napakinggan, patalastas na nabasa at narinig, mga programang napanood sa telebisyon at mga *posts* sa *social media* at *internet* upang mapahalagahan ang katotohanan ng isang pangyayari?

Punan nang wastong salita ang bawat patlang para mabuo ang kaisipang ipinapahayag. Piliin ang mga sagot sa loob ng kahon.

Sa panahon ngayon marami na ang nagsisilabasang *fake news*, kaya dapat nating (1) __________ nang mabuti ang ating nababasa, nakikita o naririnig sa pamamagitan nang (2) __________ sa mga (3) __________ pinagmulan ng mga impormasyon.

| | | | |
|---|---|---|---|
| lehitimo | ipaalam | suriin | pagsangguni |

## Isagawa

Sumulat ng sariling pahayag kung paano mo mapahahalagahan ang katotohanan sa mga balitang iyong nababasa o napakikinggan. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.



# ***Tayahin***

Basahin ang mga pangungusap sa ibaba. Isulat ang **Oo** kung nagpapakita ang pangungusap nang mapanuring pag-iisip, **Hindi** naman kung wala. Ipaliwanag ang iyong sagot sa iyong sagutang papel.

1. Nagbabasa ng aklat at magasin na nakadaragdag sa iyong kaalaman at kakayahan.

   ______________________________________________

2. Naniniwala kaagad sa patalastas na napanood o narinig.

   ______________________________________________

3. Inihahambing ang balita o mensaheng nabasa sa *facebook* at sa pahayagan.

   ______________________________________________

4. Napipili ang mga pelikula at programang hatid ay kaalaman at aral sa buhay.

   ______________________________________________

5. Nakapagsasaliksik sa agham at teknolohiya para sa takdang-aralin.

   ______________________________________________

> Magaling! Tagumpay mong naipakita ang pagmamahal sa katotohanan at mapanuring pag-iisip. Maari ka nang tumungo sa susunod na aralin.

## *Karagdagang Gawain*

Sumulat ng isang sitwasyon na nagpapakita ng mapanuring pag-iisip. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.



## *Susi sa Pagwawasto*

**Subukin**

1, 3, 6, 7, 10

**Isaisip**

1. Suriing
2. Pagsangguni
3. lehitimong

**Balikan**

Maaring iba-iba ang sagot dito

**Tuklasin**

1.Lisa

2.Maging kinatawan ng paaralan

3.ang pagdesisyon

4.dahil sa masusing pagsusuri

5.Maaaring iba- iba ang sagot dito

**Pagyamanin**

Gawain 1.

1. √ Sumang – ayon
2. √ Sumang - ayon
3. √ Sumang - ayon
4. √ Sumang - ayon
5. √ Sumang – ayon

| Gawain 2. | Gawain |
|---|---|
| 1. √ | 1. B |
| 2. x | 2. B |
| 3. √ | 3. A |
| 4. x | 4. C |
| 5. x | 5. A |

**Isagawa**

Maaring iba-iba ang sagot dito

**Tayahin**

1. Oo
2. Hindi
3. Oo
4. Oo
5. Oo

Maaring iba-iba ang paliwanag.

**Karagdagang Gawain**

Maaring iba-iba ang sagot dito

# *Sanggunian*

Department of Education Central Office. n.d. *Aralin 1 Manwal ng Guro: Ugaling Pilipino sa Makabagong Panahon : Teacher's Guide.* Philipines: Department of Education Central Office.

Department of Education. n.d. *Edukasyon sa Pagpapakatao: Grade 5.* Test Item Bank, Philippines: Department of Education.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph